# Ihanda ang Bawat Kinakaila-ngang Bagay



KABUHAYAN NG PAMILYA

# MENSAHE MULA SA UNANG PANGULUHAN

Minamahal na mga Kapatid:

Ang mga Banal sa mga Huling araw ay pinayuhan na sa loob ng maraming taon na paghandaan ang kahirapan sa pamamagitan ng pagtatabi ng kaunting halaga. Nakadaragdag ito ng hindi masukat na seguridad at kapanatagan ng loob. Bawat pamilya ay may responsibilidad na maglaan, hanggang sa abot ng kanilang makakaya, para sa sarili nilang mga pangangailangan.

Hinihikayat namin kayo saanmang sulok kayo ng mundo nakatira na paghandaan ang kahirapan sa pamamagitan ng pagsasaayos ng inyong kabuhayan. Hinihimok naming maging matipid kayo sa inyong paggastos; disiplinahin ang sarili sa pamimili upang maiwasan ang pag-utang. Agad na magbayad ng inyong utang, palayain ang sarili sa pagkaaliping ito. Regular na magtabi ng maliit na halaga upang unti-unting makapagtabi ng reserbang pondo.

Kung bayad na ang inyong mga utang at mayroon kayong reserbang pondo, kahit na maliit lang, kayo at ang inyong pamiya ay makadarama ng higit na seguridad at kapanatagan ng loob.

Nawa'y basbasan kayo ng Panginoon sa inyong mga pagsisikap para sa kabuhayan ng inyong pamilya.

Ang Unang Panguluhan



# MGA PANGUNAHING ALITUNTUNIN UKOL SA KABUHAYAN NG PAMILYA

## MAGBAYAD NG TITHING AT MGA OFFERING



Ang matagumpay na kabuhayan ng pamilya ay nagsisimula sa pagbabayad ng tapat na tithing at pagbibigay ng bukas-palad na fast offering. Nangako ang Panginoon na bubuksan ang mga dungawan sa langit at huhulugan ng mga dakilang pagpapala ang mga tapat na nagbabayad ng tithing at offering (tingnan sa Malakias 3:10).

## UMIWAS SA PANGUNGUTANG




Ang paggastos ng mas maliit sa kita ninyo ay mahalaga sa seguridad ng inyong kabuhayan. Umiwas sa pangungutang, maliban sa pagbili ng bahay na may katamtamang halaga o pagbabayad para sa edukasyon o iba pang mahahalagang pangangailangan. Mag-ipon ng pera na pambili ng mga bagay na kailangan ninyo. Kung may utang kayo, bayaran ito agad.

## MAGBADYET



Irekord ang lahat ng inyong gastusin. Irekord at repasuhin ang buwanang kita at mga gastusin. Alamin kung paano ninyo mababawasan ang paggastos sa mga bagay na hindi mahalaga.

Gamitin ang impormasyong ito sa paggawa ng badyet para sa inyong pamilya. Planuhin kung magkano ang ibibigay ninyong donasyon sa Simbahan, magkano ang itatabi ninyo, at magkano ang gugugulin para sa pagkain, bahay, mga utility (kuryente, tubig, at iba pa), transportasyon, damit, insurance, at iba pa. Disiplinahin ang sarili na mamuhay ayon sa inyong ipinlanong badyet. (Tingnan ang Worksheet ng Badyet sa likod na pahina.)

## MAGTABI NG RESERBANG PONDO



Unti-unting magtabi ng reserbang pondo, at gamitin ito para mga dagliang pangangailangan lamang. Kung regular kayong nagtatabi ng maliit na halaga, magugulat kayo sa halaga ng naipon sa paglipas ng panahon.

## TURUAN ANG MGA MIYEMBRO NG PAMILYA



Turuan ang mga miyembro ng pamilya tungkol sa mga alituntunin sa pamamahala ng kabuhayan. Isama sila sa paggawa ng badyet at sa pagtatakda ng mga layuning pangkabuhayan ng pamilya. Ituro sa kanila ang mga alituntunin ng kasipagan, pagtitipid, at pag-iimpok. Bigyang-diin ang kahalagahan ng pag-aaral hangga't kaya nila.

# WORKSHEET NG BADYET

BADYET PARA SA ______________________________
(buwan/taon)

| KITA | PLANO | AKTUWAL |
|---|---|---|
| Kita/Sahod (kaltas ang buwis) | | |
| Iba pang kita | | |
| Kabuuang Kita | | |

| GASTUSIN | PLANO | AKTUWAL |
|---|---|---|
| Mga Tithing at offering | | |
| Ipon | | |
| Pagkain | | |
| Mortgage o upa | | |
| Mga utility | | |
| Transportasyon | | |
| Pambayad sa mga utang | | |
| Insurance | | |
| Medikal | | |
| Damit | | |
| Gastusin sa eskuwela | | |
| Iba pa________________ | | |
| ________________ | | |
| ________________ | | |
| Kabuuang gastos | | |
| Kita kaltas ang mga gastos | | |

- Badyet para sa isang nakatakdang panahon (tulad ng lingguhan, pandalawang linggo, buwanan).
- Regular na repasuhin ang inyong badyet.

*Bisitahin ang www.providentliving.org para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kabuhayan ng pamilya.*

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2007 ng Intellectual Reserve, Inc.
Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa USA
Pagsang-ayon sa Ingles: 11/06
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 11/06

TAGALOG
4 02040 07893 1
04007 893